



Programa sa kalinisan ng pagreregla

Pagpasok sa mga pampublikong paaralan ng NSW sa Termino 2 ng 2022

Ang Kagawaran ng Edukasyon sa NSW (NSW Department of Education) ay naghahandog ng suporta sa malinis na pagreregla para sa mga estudyante sa pampublikong paaralan ng NSW mula sa Termino 2 ng 2022. Ang programa ay naghahangad na mabawasan ang anumang mga balakid na maghahadlang sa mga estudyante na makikisali ng lubusan sa buhay paaralan.

Ano ang dapat mong malaman:

- Ang programa sa malinis na pagreregla ay nagbibigay ng mga malinis na magagamit katulad ng mga pasador at tampon sa mga estudyante.
- Ang programa ay naghahangad na mabawasan ang mga panganib sa kalusugan ng mga estudyante sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng mga malinis na produkto sa paaralan na maaaring regular na mapapalitan.
- Ang mga estudyante na may magagamit na mga malinis na produkto ay makakapagpatuloy sa kanilang mga gawaing pag-aaral kasama ng mga iba sa paaralan.
- Mula sa Termino 2 ng 2022, lahat ng mga paaralan ay magbibigay sa mga estudyante ng libreng produktong pangkalinisan katulad ng mga pasador at/o tampon.
- Ang mga produktong pangkalinisan ay itatago sa isang malinis na lalagyan. Ang mga estudyante ay pasasabihan ng kanilang mga paaralan kung saan sila madali at palihim na makakuha sa mga pinaglalagyan.
- Ang mga produktong pangkalinisan ay sinuri sa 31 na mga paaralan kung saan ang mga estudyante at prinsipal ay nag-ulat ng magandang karanasan.

Kung mayroon kang anumang mga katanungan, mangyaring tumawag sa paaralan.